
GRADES 1 to 12
DAILY LESSON LOG


School:	Visit DepEdResources.com for More	Grade Level:	II
Teacher:		Learning Area:	ESP
Teaching Dates and Time:	OCTOBER 7 - 11, 2024 (WEEK 2)	Quarter:	2nd Quarter

	MONDAY	TUESDAY	WEDNESDAY	THURSDAY	FRIDAY
I.OBJECTIVES	1. Natutukoy ang iba't ibang kalagayan ng kapwa. (antas ng kabuhayan, pinagmulan at kapansanan) 2. Nauunawan ang kalagayan ng bawat kapwa.				
A. Content Standard	Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagiging sensitibo sa damdamin at pangangailangan ng iba, pagiging magalang sa kilos at pananalita at pagmamalasakit sa kapwa				
B. Performance Standard	Naisasagawa ang wasto at tapat na pakikitungo at pakikisalamuha sa kapwa				
C. Learning Competency/Objective	7. Nakapagbabahagi ng sarili sa kalagayan ng kapwa tulad ng: 7.1. antas ng kabuhayan 7.2. pinagmulan 7.3. pagkakaroon ng kapansanan				
II.CONTENT	**Lahat Tayo ay Mahalaga**				
III.LEARNING RESOURCES	Curriculum Guide 2016 page 26				
A. References					
1. Teacher's Guide pages	P. 7-10 (soft copy)	P. 7-10 (soft copy)		P. 7-10 (soft copy)	P. 7-10(soft copy)
2. Learner's Materials pages	P.7-13(soft copy)	P. 7-13(soft copy)		P.7-13 (soft copy)	P.7-13 (soft copy)
3. Textbook pages					
4. Additional Materials from Learning Resource (LR)portal	Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 2-13.	Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 2-13.		Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 2-13.	Edukasyon sa Pagpapakatao 2. Tagalog. 2013. pp. 2-13.
B. Other Learning Resource					

IV.PROCEDURES					
A. Reviewing previous lesson or presenting the new lesson	Pagmasdan ang bawat larawan :  ● Ano ang iyong napansin sa dalawang larawan?	Basahin ang maikling kuwento tungkol sa isang batang huwaran. Alamin kung ano-ano ang mga kabutihang kaniyang nagawa. ***Huwarang Bata*** ***ni Eloisa A. Elemento*** Araw ng Sabado, handa nang magtungo sa palaruan ang magkapatid na Olly at Onyok. Mas matanda si Olly ng dalawang taon sa kaniyang kapatid na si Onyok. Sa kanilang paglalakad, may nakita si Onyok na babaeng inaabot ang kaniyang nabitawang saklay. Sinabi niya ito sa kaniyang kuya at saka itopinagtawanan. Ngunit sa halip na tumawa rin ay pinangaralan siya ng kaniyang Kuya Olly na hindi dapat pinagtatawanan ang mga taong may kapansanan o may kakaibang kalagayan. Nilapitan ni Olly ang babae. Kinuha niya ang saklay na nalaglag. Iniabot niya rito ang saklay at tinulungan itong makatayo. Sa palaruan, nakita ni Olly	Pagmasdan ang bawat larawan :   	[6 -anyos na batang may kapansanan, nagpupursige sa pag-aaral at pagtupad sa pangarap | Saksi - YouTube]	LINGGUHANG PAGSUUSLIT Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Kung ikaw ang nasa sitwasyon na ito ano ang iyong gagawin? Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel. 1. May nakita kang matandang bulag na babae na gustong tumawid sa kalsada. A.Hindi na lang papansinin ang matandang bulag na babae. B. Tutulungan ang matandang bulag na babae na makatawid sa kalsada. C.Tatawag ng ibang bata para siya ang tumulong sa matandang bulag na babae. D.Magmamano ako sa matandang bulag na babae. 2. Nababasa sa ulan ang kaklase mong katutubo.
B. Establishing a purpose for the lesson	Paghambingin ang dalawang larawan 		● Ano ang ipinapakita ng mga larawan? ● Ano ang mga kapansanang ito? ● Kung ikaw ay makakaita ng bulag, pilay at putol ang kamay, anoa ng gagawin mo?	Performance Task 1 Gumawa ng slogan o poster tungkol sa pagtulong sa mga mahihirap, ib aang pinagmulan at may kapansanan.	

		ang kaniyang kamag-aral na katutubo at inalok niya itong umupo sa kaniyang tabi. Habang sila ay kumakain, may nakita si Kuya Olly na isang Ale na payat na payat at madungis. Nilapitan at nginitian ito ni Kuya Olly at saka inabutan ito ng baon nilang tinapay. Nagtatakang nagtanong si Onyok sa kaniyang Kuya Olly. “Kuya, bakit mo sila tinutulungan? Iba naman ang itsura nila sa atin?” Sumagot si Kuya Olly, “Dapat natin silang pakitunguhan nang maayos kahit sila ay may kakaibang kalagayan sa buhay, Onyok. Dapat ipakita natin na sila ay mahal natin at mahalaga kahit iba man ang kanilang katayuan sa buhay, itsura at kahit may kapansanan pa sila. Kung ikaw ang nasa kanilang kalagayan, gusto mo bang pagtawanan ka at laitin ng iba?” Napaisip si Onyok. “Ayaw ko po Kuya Olly. Mula ngayon ay hindi ko na sila pagtatawanan. Sa halip ay pahahalagahan at			A.Pasisilungin ko siya sa aking payong. B. Hindi ko siya pasisilungin sa aking payong. C.Hindi ko siya papansinin. D.Papayuhan ko siya na tumakbo na lang. 3. Napansin mo na hindi nagpapalit ng damit ang kaklase mo. A.Bibigyan ko siya ng mga damit na hindi ko na ginagamit. B. Bibilihan ko siya ng mga bagong damit. C.Papayuhan ko siya na palagi siyang magpapalit ng damit. D.Lalayuan ko siya. 4. Nakita mong walang baon ang iyong kamag-aral na katutubo. A.Ibibigay ko sa kaniya ang lahat ng baon ko. B. Hahatian ko siya sa baon ko. C.Sasabihan ko siya na humingi siya ng baon sa iba naming kaklase.

		pakikitunguhan ko na sila nang maayos.”			D.Bibigyan ko siya ng pera para may pambili siya ng baon niya. 5. Gustong sumali sa inyong laro ang kapitbahay mong marungis. A.Isasali namin siya sa aming laro. B. Hindi namin siya isasali sa aming laro. C.Paaalisin namin siya. D.Isasali namin siya pero siya ang laging taya.
C. Presenting examples/Instances of the new lesson	• Anu – ano ang inyong mga napansin sa bawat larawan? • Pare – pareho ba ang • bawat isa ng antas ng pamumuhay? Bawat isa sa atin ay iba – iba ang uri ng pamumuhay o antas ng kabuhayan. Mayroong mayaman at mayroong mahirap. Dahil sa iba – iba tayo ng kabuhayan. Nararapat lamang na tayo ay magunawaan. Huwag mag-aaway. Huwag	Sagutin ang sumusunod na tanong : • Ano ang ginawa ni Onyok nang may nakita siyang pilay na babae? • Ano ang ginawa ni Kuya Olly noong makita niya ang pilay na babae? • Ano ang ginawa ni Kuya Olly sa kaniyang kamag-aral na katutubo? • Ano ang ginawa ni Kuya Olly sa pulubi?	Ang iba sa atin ay may kapansanan, katulad ng taong bulag, pilay, atbp. Mayroon namang walang kapansanan. Subalit ganunpaman, tayong lahat ay pinagpala. Mga dapat gawin kung tayo ay Nakakita ng may kapansanan: 1. Huwag pagtawanan 2, Tulungan 3. Makipagkaibigan 4. Makipaglaro 5. Ipanalangin	Pagsasagawa	Basahin isa-isa ang mga parirala na nasa loob ng ulap. Kulayan ng asul ang iyong ulap kung ito ay nagpapakita ng kabutihan sa kapuwa at pula ang iyong ikulay kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel. 

	mangungutya ng kalagayan ng iba. Dahil lahat tayo ay anak ng Diyos.	• Ano ang katangiang ipinamalas ni Olly? Ang mabuting pakikitungo sa kapuwa ay pagtugon sa pangangailangan ng iba. Ito ay hindi naghihintay ng anumang kapalit at nakahanda kang ibahagi ang iyong sarili. Sapagkat ang pagtulong sa kapuwa ay kaligayahan ng ating puso. Dahil sa katangiang ito, marami tayong magiging kakilala at kaibigan. 1. Inaalalayan niya ang bulag o malabo ang paningin. 2. Nakikipagkaibigan siya sa katutubong kamag-aral. 3. Nagpapahiram siya ng laruan sa kapitbahay na walang laruan. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga paraan kung saan maipakikita natin ang pagmamahal at pagkalinga sa ating kapuwa.			
D. Discussing new concepts and practicing new skills # 1	Panoorin: Ilang kabataan, hindi makapag-aral dahil sa kahirapan - YouTube	Maglagay ng bilang 1-5 sa iyong sagutang papel. Sa bawat bilang, ilagay ang tsek (✓) kung ang	Panoorin: Ang Batang Maikli ang Isang Paa | Maikling Kuwento |	Pagsasagawa	

	• Tungkol saana ng balita? • Bakit hindi makapag-aral ang mga bata sa balita? • Ano ang iyong nararamdaman habang pinapanood ang balita? Marami sa batan katulad mo ang hindi nakakapag-aral dahil sa kahirapan. Kaya ikaw ay masuwerte dahil ikaw ay nnadito sa paaralan, at may kakayahang makapag-aral.	ipinapakita ng larawan ay mabuting pakikitungo sa kapuwa, at ekis (x) naman kung hindi. _____1. Tinulungan ni Marlon na magbitbit ng basket ang babaeng buntis. _____2. Binigyan ni Manelle ng inuming tubig ang katutubo. _____3. Ibinahagi ni Carol ang kaniyang tinapay sa batang mas nangangailangan. _____4. Pinahiram ni Michelle ng aklat ang kaibigan niyang pilay. _____5. Nagmano si Nicole sa nakasalubong niyang matanda.	Talentadong may Kapansanan - YouTube • Sino ang bata sa kuwento? • Ano ang kanyang kapansanan? • Ano ang kanyang nagging talent at kakayahan? • Kung ikaw ang kanyang kamag-aral tutuksuhin mor in ba si Mutya? • Anu-ano ang katangian ni Mutya? Iguhit ang batang si Mutya. Sumulat ng 2-3 pangungusap tungkol sa kanya.		
E. Discussing new concepts and practicing new skills # 2	Pangkatang Gawain: Pag-usapan ang balitang napanood. Mag-isip ng mga paraan kung paano ka makakatulong sa mga batang hindi nakakapag-aral. Isulata ng sagot sa web/concept map.	Pair-Activity: Gumuhit ng halimabaw ang pagbibigay at pagtulong sa kapwa na iba ang pinagmulan.	Pagsasagaw ang output	Pagsasagawa	
F. Developing mastery (leads to Formative Assessment 3)			Pagbabasa ng output.	Pagsasagawa	

		Pagsasagawa at pagbabahagi ng output.			
G. Finding practical application of concepts and skills in daily living	Pagpapakita ng output. Mga paraan upang makatulong: 1. Magbigay ng donasyon 2. Ipanalangin ang kanilang estado sa buhay 3. Intindihin ang kanilang sitwasyon, huwag pagtawanan 4. Magpahiram ng gamit tulad ng lapis at krayola	• Bakit mahalagang tulungan natin ang ating kapwa kahit hindi tayo pare-pareho ng pinagmulan? Tandaan: Iba- iba rin ang ating pinagmulan, May taga probinsya, may laking Maynila, may mga Aeta, Igorot, Ilokano, Bicolano, Waray at Bisaya. Kaya't iba – iba rin ang ating itsura. Ngunit lahat ay sadyang kaaya – aya. • Ikaw ano ang iyong probinsya?	• Kung ikaw si Mutya, paano ka magpapasalamat sa panginoon dahil sa biyaya ng talesnto na mayroon ka?	Pagsasagawa	

H. Making generalizations and abstractions about the lesson		• Ano ang iyong gagawin kung ika way may kalaro o kapitbahay na iba ang pinagmulan?	Tandaan: Ang mga taong may kapansanan ay dapat nating tulungan, huwag kutyain at awayin.	Ipaskil ang gawa sa pisara o pader / bulletin board.	
I. Evaluating learning	Lagyan ng tsek ang patlang (√) kun gito ay tama t ekis (x) kung mali. _____1. Magbigay ng donasyon s amga nangangailangan. _____2. Huwag magpahiram sa kaklaseng walang lapis. _____3. Pagtawanan ang kamag-aral na walang bag. _____4. Kaibiganin ang mga mayayaman lamang na kaklase. _____5. Isama s apanalnagin ang mga nasalanta ng bagyo at nakakaranas ng kahirapan.	Kopyahin at sagutan ang gawain sa iyong ságútang papel. Lagyan ng tsek (✓) ang diyalogong nagpapakita ng pag-unawa sa kalagayan ng kapwa. Ekis (x) naman kung hindi. ___1. “Umalis ka rito, ang baho mo!” ___2. “Halika rito, aakayin kita sa iyong pagtawid.” ___3. “Ayaw kitáng maging kaibigan, luma ang iyong damit!” ___4. “Wala kang baon, ayaw kitáng kaibigan.” ___5. “Narito ang aking ibang damit, sa iyo na lámang.”	Iguhit sa loob ng bilog ang araw kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng mabuting pakikitungo sa kapuwa at iguhit naman ang kidlat kung hindi. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel. 1. Malakas ang ulan kaya pinasukob ni Aaron sa kaniyang payong ang kamag-aral niya na isang katutubo. 2. Nagbigay si JM ng maliit na halaga mula sa kaniyang baon para sa mga nasalanta ng bagyo 3. Ipinaubaya ni Aldrin ang kaniyang upuan sa matandang lalaki. 4. Pinaalis ni Kyla ang pulubing nakaupo sa harap ng kanilang bahay. 5. Ibinigay ni Mika sa kanilang kapitbahay na nangangailangan ang mga damit na hindi na ginagamit.		

J. Additional activities for application or remediation					
V.REMARKS					
VI.REFLECTION	Reflect on your teaching and assess yourself as a teacher. Think about your students' progress this week. What works? What else needs to be done to help the students learn? Identify what help your instructional supervisors can provide for you so when you meet them, you can ask them relevant questions.				
A. No. of learners who earned 80% in the evaluation					
B. No. of learners who require additional activities for remediation who scored below 80%					
C. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson					
D. No. of learners who continue to require remediation					
E. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?					

F. What difficulties did I encounter which my principal or supervisor can help me solve?	
G. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers?	